

Marso 25, 2026

Mahalagang paunawa mula sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

PAMANTAYAN NA PATAKARAN NG PAGBILI NG SERBISYO PARA SA PANLIPUNANG LIBANGAN, KAMPING, AT DI-MEDIKAL NA MGA TERAPIYA

G-Pamamahala ng Kaso-003

Ano ang Dapat Malaman

Ang lahat ng mga sentrong pangrehiyon ay dapat may aprubadong patakaran para sa Panlipunang Libangan, Kamping, at mga serbisyo sa Di-Medikal na Terapiya. Ang mga patakarang ito ay kinakailangang makuha din sa online at aprubado ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkaunlaran (Kagawaran).

Ano ang Magbabago

Ang Kagawaran ay nagbibigay ng isang bagong pamantayang patakaran na inirerekomenda para gamitin ng lahat ng mga sentrong pangrehiyon.

- Ang anumang sentrong pangrehiyon na gagamit ng bagong pamantayang patakaran na ito ay agad na maaaprubahan kapag ipinadala sa Departamento gamit ang kanilang letterhead at may nakalakip na wika ng exception policy (patakaran sa pagbubukod) ng kanilang sentrong pangrehiyon.
- Kung ang isang sentrong pangrehiyon ay magbago ng bagong pamantayang patakaran na ito bago ito isumite, tatapusin ng Departamento ang regular nitong proseso ng pagsusuri para sa mga patakaran, ayon sa hinihingi ng batas ([Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon Seksyon 4434\(d\)](#)).
- Ang mga patakaran para sa Panlipunang Libangan, Kamping, at Di-medikal na Terapiya ay kailangang i-email sa Departamento sa loob ng 90 araw matapos matanggap ang liham ng gabay.

May mga tanong?

Ang mga sentrong pangrehiyon na may mga katanungan ay dapat mag-email sa cob@dds.ca.gov. Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang tagapag-ugnay ng serbisyo.

Matuto Pa

Upang matuto pa, bisitahin ang [direktiba noong Pebrero 6, 2024, sa website ng DDS](#).